



## WORD

<sup>18</sup>Isang pinuno ng mga Judio ang nagtanong kay Jesus, “Mabuting guro, ano po ang dapat kong gawin upang magkaroon ng buhay na walang hanggan?” <sup>22</sup>Nang marinig iyon ni Jesus ay sinabi niya, “Isang bagay pa ang kulang sa iyo. Ipagbili mo ang lahat ng ari-arian mo at ipamigay mo ang pera sa mga mahihirap at magkakaroon ka ng kayamanan sa langit. Pagkatapos ay bumalik ka at sumunod sa akin.” <sup>23</sup>Nalungkot ang lalaki nang marinig ito, dahil napakayaman niya. **LUCAS 18:18,22,23**

Isang araw, isang mayamang pinuno ang lumapit kay Jesus at nagbigay ng isang magandang tanong. Nais niyang malaman kung ano ang dapat niyang gawin upang makamit ang buhay na walang hanggan. Tinumbok ni Jesus and kondisyon ng kanyang puso—na bagamat sinusunod niya ang karamihan sa ipinag-uutos ng Diyos, mas higit niyang pinagkakatiwalaan at pinaniniwalaan ang kanyang kayamanan kaysa sa Diyos. Nang sabihin ni Jesus na kanyang ipagbili ang lahat ng kanyang ari-arian at sumunod sa Kanya, hindi Niya sinasabi na ito ang ating dapat gawin upang maligtas. Bagkus, Kanyang inilantad ang laman ng puso ng mayamang pinuno, at Kanya itong hinahamon na maniwala lamang sa Kanya para sa kanyang kaligtasan. Nakalulungkot na ipinapakita sa kwentong ito na mas mahal at mas pinagkakatiwalaan ng lalaki ang kanyang ari-arian at yaman higit pa sa Diyos. Ating tingnan ang tatlong bagay na itinuturo ng nasabing kwento.

### 1 Pagkatiwalaan ang Panginoon at hindi ang makamundong yaman.

*“ . . . Nang marinig iyon ni Jesus ay sinabi niya, “Isang bagay pa ang kulang sa iyo. Ipagbili mo ang lahat ng ari-arian mo at ipamigay mo ang pera sa mga mahihirap . . .” LUCAS 18:22*

Nais ni Jesus na magtiwala ang mayamang pinuno sa Diyos at manalig sa Kanya lamang. Ang pera o anumang makamundong yaman ay hindi kasalanan, subalit ang pagmamahal sa pera ay kasalanan. (1Timoteo 6:10)

Ang pera ay hindi natin dapat mahalín, pagsilbihan, o pagkaingatan. Bagkus, dapat nating gamitin ang pera upang mahalín, pagsilbihan, at pahalagahan ang Diyos. Sa iyong palagay, bakit nagiging ugat ng lahat ng kasamaan ang pagmamahal sa pera?

### 2 Mamuhunan sa mga bagay na walang hanggan.

*“ . . . at magkakaroon ka ng kayamanan sa langit . . .” LUCAS 18:22*

Nais ni Jesus na makamtan ng mayamang pinuno ang kayamanan sa langit, higit pa sa kayamanan sa mundo. Bakit natin hindi dapat tularan ang mayamang pinuno na nakatuon lamang ang pansin sa mga bagay na lumilipas at sa halip ay magkaroon ng walang hanggan na pananaw?

### 3 Sundin si Jesus nang higit sa lahat.

*“ . . . bumalik ka at sumunod sa akin.” LUCAS 18:22*

Ang mayamang pinuno ay nais na makamit ng buhay na walang hanggan. Subalit ang nais ni Jesus ay ang magtiwala sa Diyos at sumunod sa Kanya. Ang kaligtasan ay gawa ng Diyos, na Kanyang tinapos sa krus. Ang ating tugon ay dapat na pagkaila sa ating mga sarili, pagbuhat ng ating mga krus at pagsunod sa Kanya (Lukas 9:23). Ano sa iyong palagay ang nais ni Jesus na mangyari sa kwentong ito? Ano ang nais Niyang mangyari sa iyong kwento?